JANUARY Makugihon
FEBRUARY Mahigugmaon
MARCH Matinabangon
APRIL Matinahuron
MAY Mahapsay og Malimpyo
JUNE Maabtik og Musunod sa Iksaktong Oras
JULY Maantigo og Maabilidad
AUGUST Maginhunahunaon para sa Uban
SEPTEMBER Madaginoton
OCTOBER Matinud-anon
NOVEMBER Masaligan
DECEMBER Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# EPP – (Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan)

## AGRIKULTURA

## Kwarter 3 – Modyul 2

### Paggawa ng Abonong Organiko



Name of Learner: ______________________________
Grade & Section: ______________________________
Name of School: ______________________________

N-AVIGATING
O-PPORTUNITIES TO
R-EENGINEER FOR
T-RANSFORMATION &
E-MPOWERMENT

Service with a Heart

"Be and Do Much Better Each Day with a Sense of Urgency"

**EPP– Grade 5**
**Alternative Delivery Mode (ADM)**
**Kwarter 3 – Modyul 2: Paggawa ng Abonong Organiko**
**Unang Edisyon, 2020**

**Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na**: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | MYRNA A. DAGA, JIMSON O. DENIEGA, MARESSA C. OBOD |
| Editor: | EDWARD G. GALON |
| Tagasuri: | NILDA Y. GALAURA, EVEYLN C. LABAD |
| Tagaguhit: | KENT SPENCER A. SANICO |

**Management Team:**

SDS: MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V
ASDS: JUDITH V. ROMAGUERA, EdD
ASDS: MA. JUDELYN J. RAMOS, EdD
ASDS: ARMANDO P. GUMAPON, EdD
CID Chief: LILIA E. ABELLO, EdD
LR: EVELYN C. LABAD
PSDS: ELDA L. EVANGELISTA, EMD
PRINCIPAL:

**Printed in the Philippines**
**Department of Education Region IX – Zamboanga Peninsula**
Office Address: Pres. Corazon C. Aquino Regional Government Center
Balintawak, Pagadian City, Zamboanga del Sur 7016
Telefax: (062) 215-3753, 215-3751, 991-1907, 215-3789
E-mail Address: region9@deped.gov.ph



## Alamin

Malugod kitang binabati! Ang modyul na ito ay isang bahagi ng Learning Kit na pinagtulungang dinisenyo at sinuri ng mga edukador bilang tugon sa pangangailangan ng guro at mag-aaral, ito ay maaaring mapagkunan ng mga impormasyon at kaalaman upang makamit ng mga mag-aaral ang mga pamantayan itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang isinasaalang -alang ang kanilang pangangailangan at kalagayan.

Ang modyul na ito ay ginagawa upang matulungan at mabigyang ng makabuluhang opportunidad iyong pagkatuto habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Ito ay naglalaman ng mga kasanayan sa paggawa ng abonong organiko na makukuha sa natural na kapaligiran. Nararapat lamang na magkaroon tayo ng sapat na kaalaman sa masusing paggawa nito, kaya tatalakayin natin at matutuhan ang wastong pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko. Mahalagang matamo ng mag-aaral ang kaalaman sa tamang pagsunod sa mga pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko dahil ito ay nagdulot ng magandang epekto sa ating mga pananim at iwas aksedinte rin kung alam natin ang hakbang sa pag-iingat habang ginagawa natin ito.

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

1. Nasusunod ang mga pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko.



## Subukin

**Panuto:** Basahin at intindihin ang mga sumusunod na tanong. Tukuyin ang tamang sagot na hinihingi sa bawat bilang. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Anu-ano ang angkop na kasuotang gagamitin sa paggawa ng compost pit/basket composting?
   A. pajama, daster, nighties
   B. guwantes,botas, mask at kasuotan may manggas
   C. sombrero,magarang damit at botas
   D. pormal na damit,apron at sombrero
2. Tapos nang gumawa ng abonong organiko si Danny. Ano ang dapat niyang gawin sa mga kasangkapang kanyang ginamit?
   A. Itago ito agad.
   B. Linisin at iligpit ito.
   C. Pagsama-samahin at takpan.
   D. Iwan sa lugar na pinanggagamitan
3. Bakit dapat iwasang maglaro habang gumagawa ng compost pit/basket composting?
   A. Para mapadali ang pagkakabulok ng mga basura.
   B. Para hindi masira ang ginawang abono.
   C. Upang maiwasan ang anumang aksidente.
   D. A at B
4. Ano ang gagawin mo sa mga kasangkapang iyong ginamit sa paggawa ng compost pit/ basket composting?
   A. Itapon sa ilog.

B. Ikalat sa bakuran.
C. Linisin at itago ang mga kasangkapan sa permanenteng lugar.
D. Itago kaagad pagkatapos linisin.

5. Nagmamadali si Marlo sa paggawa ng organikong abono dahil nagsisimula na ang kanyang paboritong palabas sa telebisyon. Ano ang maaaring mangyari kay Marlo?
A. Hindi matatapos ni Marlo ang kanyang ginawa.
B. Maaaring masusugatan si Marlo sa mga matutulis na kagamitan.
C. Matatapos niya kaagad at maganda ang resulta.
D. Walang sagot.

**ARALIN**

# PAGGAWA NG ABONONG ORGANIKO

Sa araling ito, tatalakayin natin ang pagsunod sa mga pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko gamit ang basket composting upang maiwasan ang aksidente o pagkakasakit.



## *Balikan*

Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung ang mga pahayag ay tama at ekis (x) naman kung hindi.

______1. Haluan ng plastic, goma, at lata ang mga abonong nagawa.
______2. Ang abonong organiko ay madaling mabili sa mga tindahan.
______3. Maghintay ng dalawang buwan o higit pa bago gamitin ang mga pataba.
______4. Diigan araw-araw ang hukay upang mapanatiling medyo basa ito.
______5. Ang compost pit ay paraan ng pagpapabulok ng basura sa isang malawak na lugar.



## *Tuklasin*

Sa nakaraang leksyon napag-alaman natin kung ano ang compost o abonong organiko at paano gumawa nito sa pamamaraang compost pit. Ngunit ito ay nangangailangan ng malaking bakanteng lote na paghuhukayan upang lagyan ng basurang nabubulok upang makabuo ng compost o abonong organiko. Subalit sa mga lugar na maliliit ang espasyo mahirapan tayong gumawa ng compost pit subalit may solusyon d'yan. Ito ay ang paggawa ng Basket Composting.

Ano ang basket composting? Anu-ano ang mga paraan at pag-iingat na dapat sundin sa paggawa ng compost sa pamamagitan ng basket composting?

Bago natin malaman ang sagot sa tanong na ito, tingnan munang mabuti ang mga larawan sa ibaba lagyan ng tsek kung ito nagpapakita ng tamang pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko sa pamamagitan ng basket composting.








## *Suriin*


Ang paggawa ng organikong pataba ay mahalaga sapagkat ito ay nagpapalago sa mga pananim. Kung ang mga pananim natin ay maganda at malusog, magbibigay ito sa atin ng masaganang bunga na lubos na mapakikinabangan ng ating pamilya at maaari pa natin itong pagkakakitaan. Nararapat lamang na magkaroon tayo ng kaalaman sa paggawa ng organikong pataba at isa paraan ng paggawa ay ang basket composting. Mahalagang malalaman din natin ang pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko upang maging ligtas at malayo sa kapahamakan.

Ang Basket Composting ay isang paraan ng pagpapabulok ng basurang mula sa tuyong damo o dahoon, mga balat ng mga prutas at gulay at mga dumi ng hayop sa isang lalagyan.
Maaaring gumawa nito sa pamamagitan ng pinagpatong patong na gulong ng sasakyan, lumang sisidlan ng tubig, o resaykol na bagay.

Mga Pamamaraan at Pag-iingat sa Paggawa ng Abonong Organiko sa pamamagitan ng Basket Composting.

## PAGGAWA NG BASKET COMPOSTING

1. Pumili ng lalagyan na yari sa kahoy o yero na sapat ang laki at haba. May isang metro ang lalim.





2. Ikalat nang pantay ang mga pinagpatung-patung na tuyong dahon, dayami, pinagbalatan ng gulay at prutas, dumi ng hayop, at lupa tulad din ng *compost pit* hanggang mapuno ang lalagyan.



3. Diligan ang laman ng sisidlan at lagyan ng pasingawang kawayan upang mabulok kaagad ang mga basura




4.Takpan ng dahon ng saging o lagyan ng bubong ang sisidlan upang hindi pamahayan ng langaw at iba pang peste.



5. Alisin ang mga pasingawang kawayan at haluin ang laman ng sisidlan para magsama ang lupa at ang nabubulok na mga bagay pagkalipas ng isang buwan.



## PAG-IINGAT SA PAGGAWA NG ABONONG ORGANIKO

1. Ihanda ang lahat ng kailangang materyales at kagamitan sa paggawa ng abonong organiko.
2. Ihanda ang lahat ng kailangang materyales at kagamitan sa paggawa ng abonong organiko
3. Maging maingat sa paghawak ng mga matutulis na kasangkapan. Gamitin ang mga ito ng may pag-iingat upang hindi masugatan.

4. Ilagay ng tama at maaayos sa sisidlan ang mga nabubulok na basura tulad ng dumi ng hayop at halaman.
5. Magsuot ng mga kasuotan tulad ng face mask, gwantes, bota at kasuotang may mahabang manggas upang mapangalagaan ang kalusugan
6. Iligpit ng maayos ang mga kasangkapang ginamit.
7. Linisin ang lugar na pinaggawaan. Maghugas ng kamay at maligo pagkatapos.



## *Pagyamanin*

**Tama o Mali**

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pamantayan at pag-iingat sa paggawa ng compost sa paraang basket composting. Isulat ang **TAMA** kung ito ay angkop na gawain at **MALI** kung hindi kanais-nais. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

________1. Pagsama-samahin ang mga nabubulok at di-nabubulok na mga basura sa isang lalagyan upang gawing pataba.
_______ 2. Huwag maghugas ng kamay pagkatapis ng paggawa.
_______ 3. Makipaglaro habang gumagawa ng compost pit.
_______ 4. Ilagay kahit saan ang mga kasangkapang ginamit.
_______ 5. Iligpit ang mga kasangkapan pagkatapos.
_______ 6. Compost pit ang angkop paraan ng paggawa ng abonong organiko kung maliit ang espasyo ng inyong bakuran.
_______ 7. Linisin ang lugar at katawan pagkatapos ng gawain.
_______ 8. Itapon ang mga kasangkapan sa ilog pagkatapos.
________9. Matagumpay ang pagsasagawa ng abonong organiko at maiwasan aksedinte kung nasusunod ang mga pamamaraan at pag-iingat sa paggawa.
_______10. Ihanda ang mga mahahalagang materyales na gagamitin.



## *Isaisip*

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod nga tanong. Isulat ang inyong sagot sa inyong Activity notebook.

1. Anu-ano ang mga pamamaraan sa paggawa ng abonong organiko sa pamamagitan ng basket composting?


2. Anu- anong mga pamantayan sa pag-iingat habang isinasagawa ang abonong organiko?

3. Bakit kailangan ang masusing pagsunod sa mga pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko ?




# *Isagawa*


**Panuto:** Punan ang kahon ng angkop na titik upang mabuo ang tamang salita na tinutukoy sa pangungusap sa katapat ito.





1. Ito ay isang paraan ng pagpapabulok ng basura sa isang lalagyan.





2. Ito ay mga patapong bagay na maaaring gawing abonong organiko.




3. Ito ang tawag sa abonong organiko na mula sa mga nabubulok na mga basura.




4. Ito ay isang hukay kung saan pinagsasama-sama nag mga nabubulok na bagay upang gawing pataba.




5. Ito ay mga patapong bagay na hindi maaaring gawing pataba.



## Gawin natin

**Panuto:** Lagyan ng wastong bilang ngayon sa sunod sunod na hakbang sa paggawa ng basket composting. (1-6)

___________ Tipunin ang mga nabubulok na basura tulad ng damo, balat ng gulay at prutas, dumi ng hayop at iba pa.
___________ Tulusan ng kawayang wala ng buko at may butas sa gilid ang gitna ng Compost pit.
___________ Gumawa ng hukay na may sukat na 5 metro ang lalim.
___________ Tapunan ng dumi ng mga hayop at budburan ng apog.
___________ Panatitihing mamasa-masa ang compost pit sa panahon ng tag-araw.
___________ Bunutin ang tulos at haluing mabuti.



## Tayahin

**Panuto:** Punan ang bawat patlang ng tamang sagot. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Mata | matutulis | sombrero | |
| matatalas | nabubulok | balanse | katawan | manggas |
| | Kondisyon | gwantes | kawayan | |

1. Gumamit ng ________________ o_ anumang pantakip sa ulo lalo na kung matindi ang sikat ng araw.

2-3. Mag-iingat sa paggamit ng ______________ at _______________ na kagamitan upang hindi masugatan.

4. Iwasan ang pagkakamot o kaya'y pagkukusot ng mga _________________ habang gumagawa ng abonong organiko.

5.Diligan ang laman ng sisidlan at lagyan ng pasingawang ___________ upang mabulok ang mga basura.

6. Ilagay sa isang sisidlan ang mga basurang ________________

7. Sa pagbubuhat ng mabigat, tiyaking ____________________ang hinahawakan.

8.Gumamit ng mga kasangkapangnasa maayos na _____________________.

9-10. Gumamit ng _________________, mask, bota at kasuotang may mahabang _______________ habang gumagawa ng abonong organiko na basket composting.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Isaisip uli ang mga natutunang paraan at pag-iingat sa paggawa ng organikong abono.

1. Gumawa ng compost pit sa bakuran ninyo o sa likod ng inyong bahay sa tulong ng inyong mga magulang.
2. Sundin ang mga pamamaraan at pag-iingat sa paggawa ng abonong organiko.

**Rubrik sa Pag-iingat sa Paggawa ng Abonong Organiko**

| Pamantayan | Puntos | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
| 1. Naihahanda nang maayos at wasto ang mga materyales na gagamitin | | | | | |
| 2. Gumamit ng tamang kasuotan sa paggawa ng organikong abono. | | | | | |
| 3. Wastong paggamit ng kasangkapan. | | | | | |
| 4. Nakakasusumod sa mga pangkalusugan at pangkaligtasang gawi. | | | | | |
| **Kabuuang puntos** | | | | | |

Pagpapakahulugan batay sa makukuhang kabuuang puntos

20-16= Naisagawa ang lahat
15-11= Bahagyang Naisagawa
10-6= Hindi Naisagawa
5-1= Kailangan pang paunlarin

## *Susi sa Pagwawasto*

| SUBUKIN: | BALIKAN: | PAGYAMANIN: | ISAGAWA: | GAWIN NATIN: | TAYAHIN: |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. B<br>2. B<br>3. C<br>4. C<br>5. B | 1. X<br>2. X<br>3. /<br>4. /<br>5. / | 1. MALI<br>2. MALI<br>3. MALI<br>4. MALI<br>5. TAMA<br>6. TAMA<br>7. TAMA<br>8. MALI<br>9. TAMA<br>10.TAMA | 1. basket composting<br>2. nabubulok<br>3. compost<br>4. compost pit<br>5. di-nabubulok | 2<br>5<br>1<br>3<br>4<br>6 | 1. Sombrero<br>2. 2-3. matatalas /matutulis<br>3. 4Mata<br>4. Kawayan<br>5. Balance<br>6. Kondisyon<br>7. 9-10. gwantes/manggas |

| KARAGDAGANG GAWAIN | Maaring magkakaiba ang tugon ng mga bata. |
|---|---|

## *Sanggunian:*


**A. Mga Imahe**

- https://www.google.com/search?rlz=1C1CHBD_enPH905PH916&ei=ssn7X7GBEci3mAXFv6nwBA&q=basket+composting
- https://www.google.com/search?rlz=1C1CHBD_enPH905PH916&ei=y8n7X_6wPJOQr7wPw-qpiA8&q=gardening&oq=gardening&gs_lcp=

**B. Modyul**

MGA HAKBANG SA PAGGAWA NG COMPOST/BASKET COMPOSTING

- https://1library.net/document/y86ork0q-mga-hakbang-sa-paggawa-ng-compost-basket-composting.html

**C. Website**

- https://www.google.com/search?rlz=1C1CHBD_enPH905PH916&ei=Ncr7X8C3LYG6mAXs1I2IAw&q=paraan+sa+pagpapabulok+ng+basura&oq=paraan+sa+pagpapabulok+ng+basura&gs_lcp=CgZwc3ktYWIQAzoECAAQRzoICAAQ6gIQjwE6BwgAEMkDEEM6CAgAELEDEIMBOgUIABCxAzoCCAA6CwguELEDEMcBEAeOggIABANEAUQ